

1

“Pasensya ka na, mahal ko, pati ikaw nadadamay sa madramang buhay ni Tita.” Buong pagmamahal na hinaplos ni Mina ang pisngi ng natutulog na sanggol.

Pinalayas sila ni Doña Alicia del Rio sa tinutuluyang bahay dahil napagbintangan siyang kabit ng anak nitong si Nathan. Hindi naman niya maitama ang maling akala ng mga ito dahil nangangahulugan iyon ng pagsisiwalat ng isang lihim na dapat sana ay naibaon na rin sa lupa kasama ng mga taong sangkot na nauna nang mahimlay.

Nangatwiran siyang magkaibigan lang sila ni Nathan, pero walang naniwala. Sino nga ba ang maniniwala gayong kamukha ni Nathan si Baby Lhemuel na napagkamalang anak niya.

Mabuti na lang at nagkakilala na sila ni Zane, pinsan at best friend ni Nathan, kaya may nahingan siya ng tulong. Sa kasalukuyan ay ito ang kumukupkop sa kanilang magtiyahin.

Laking probinsya siya at walang masyadong alam at kakilala rito sa Maynila. Narito lang si Mina dahil nabigyan ng grant na kumuha ng master's degree sa

kursong Education.

“Kasi naman, dalawang bagay lang yata ang iniikutan ng buhay ko,” himutok ni Mina sa sarili. “Ang magtago ng lihim at tumanaw ng utang na loob...” Ngayon may panibago na naman siyang pinagkakautangan ng loob: si Zane.

Nahihiya na nga siya dahil mag-iisang buwan na silang nakikitira sa condo unit nito. Ang siste kasi, naaksidente si Nathan at nagkaroon ng amnesia kaya hindi niya ito malapitan.

Maraming beses na may pumupuntang babae dito sa condo para bisitahin ang may-ari, pero kapag nakita na sila ni Baby Lhemuel ay agad umaalis. Inihihingi niya iyon ng dispensa kay Zane pero pinagtatawanan lang nito ang pangyayari na waring naaaliw pa.

Parang gusto na tuloy niyang ganap na paniwalaan ang babala sa kanya ni Nathan noon patungkol kay Zane:

“Wilhelmina, consider this a warning. May pagkawomanizer si Zane. Wala pang babaeng sineryoso ang isang iyon.”

Sa kabilang banda, may benepisyo rin yatang nakukuha si Zane sa pagpapatira sa kanila. Parang

instant scarecrow sila ng baby na nagtataboy sa mga unwanted women sa buhay nito.

Nasa ganoon siyang pag-iisip nang marinig ang tunog ng buzzer. “Naku, baby, hindi kaya girlfriend na naman ito ng benefactor natin?” Iniwan niya ang bata at agad sumilip sa peephole. Bahagya siyang nakahinga nang maluwag nang masilip si Bea, ang asawa ni Nathan.

Mabuti at pagkakataon na rin ang nag-adya para magkausap sila. Huminga siya nang malalim bago binuksan ang pinto.

“Hi,” panabay na sabi nila ni Bea nang magkaharap na sila. Nginitian niya ito, medyo kinakabahan. She’s a teacher by profession. Marunong siyang kumilatis ng ugali ng isang tao at sa nakikita niya kay Bea, mabuti ang kalooban nito. Tiyak na mauunawaan siya nito kapag nagpaliwanag siya.

“Good morning,” muli ay nagkasabay sila. Sa pagkakataong iyon ay mas friendly na ang ngiti nito.

Hindi siya nagkamali, mabait si Bea.

“Ano ba ’yan...” Bahagya siyang natawa. “Halika, pumasok ka na dito.” Tila nakatatandang kapatid na hinawakan niya nito sa braso.

Napansin niyang pasimple siya nitong tiningnan mula ulo hanggang paa. Siguradong pinagdududahan pa rin ni Bea na kabit siya ng asawa nitong si Nathan. “Maupo ka,” mungkahi niya.

Naupo ito sa tapat niya. Ang atensyon nito ay pansamantalang napako sa portable crib ni Lhemuel.

“Siya ang ipinunta ko dito. Alam ko na ang lahat, Mina. At gusto ko ring humingi ng tawad sa nagawa namin sa iyo ni Mommy Alice,” mapagpakumbabang saad nito.

Mabuti naman, hindi na ako mahihirapang magpaliwanag. “Wala ’yon, Bea, naiintindihan ko. Ang totoo, bago pa man nangyari ang aksidente, in-schedule na ni Nathan na magkita tayo para makipag-usap kami sa iyo.”

Itinanong nito kung para saan.

“Tungkol sa pag-adopt kay Lhemuel. Gusto rin ni Nathan na pansamantalang ipisan sa inyo ang bata, kahit sandali lang. Aayusin ko lang ang naiwan kong trabaho, ang nobyo ko...” Marahang tumango ang kausap, pero parang hindi siya nito lubusang naiintindihan at parang pinoproseso pa ng utak nito ang narinig.

Paano nga kung hindi ito pumayag? Saan niya

puwedeng pansamantalang iwan ang bata? Hindi niya ito maaaring iuwi sa probinsiya dahil... dahil na naman sa isang lihim! Pero bahala na, basta hindi puwedeng iwan na lang niya kung kanino ang pamangkin. “Bea, okay lang kung hindi ka payag—”

“Payag na payag ako,” sambot nito sa sasabihin niya. “Hindi ko makakayang ipagkait ang karapatan ng anak ni Nathan.”

“Ha? Anong anak ni Nathan?” nalitong tanong niya. Diyata’t wala pa ring alam si Bea. “Akala ko ba alam mo na ang lahat?”

“I know all right.” May bahid ng iritasyon ang boses nito. “I know you’re... or you used to be my husband’s mistress. At anak n’yo si Lhemuel,” prangka nitong saad.

“Nagkakamali ka, Bea.” Hindi na niya napigil ang medyo matawa sa tinuran nito. She secretly sighed. Kailangan pa rin pala ng mahabang paliwanagan. Ang akala niya ay hindi na.

“At ano pala ang tama, *magkaibigan* lang kayo ni Nathan?” sarkastikong balik nito. “Hindi ako tanga para paniwalaan iyan. I’m telling you, Mina, I won’t give up my husband.”

“I’m glad to hear that.” Nathan and Bea deserved

to be happy together. “Listen, Bea...” malumanay na sabi niya, parang guro sa isang estudyante. “Hintayin mo ako dito, mayroon lang akong kukunin.” Agad niyang kinuha sa kuwarto ang mga dokumentong susuporta sa kanyang paliwanag. Pagbalik ay iniabot niya ang mga iyon kay Bea. “Ipapakiusap ko sana sa ’yo na isikreto muna natin ang tungkol dito para na rin sa kapakanan ni Doña Alicia,” hiling niya.

Wala sa loob na tumango ang kausap, nakatingin pa rin sa mga papeles. Inumpisahan niya ang pagpapaliwanag habang binabasa nito ang birth certificate ni Lhemuel.

“Anak si Lhemuel ng kakambal kong si Wilhelm Javier at ng nobya niyang si Karen. Apelyido ni Karen ang dala niya.”

“Pero paanong naging kamukha ni Nathan ang bata?” dudang tanong ni Bea.

“Tingnan mo ito.” Kinuha ni Mina ang picture na kuha noong huling beses na magdiwang ng kaarawan ang kapatid.

Hiniling ni Wilhelm noon na lumuwas siya ng Maynila para makasama nilang magkapatid ang biological father at ang half-brother na si Nathan. May sakit si Wilhelm noon kaya hindi ito nakasama.

“Oh my God!” bulalas ni Bea. Napansin marahil nito na mas mukhang kambal sina Wilhelm at Nathan. “Tbig sabihin, you and my husband are...”

“Yes, we are siblings. Half-brother ko siya. Pero wala pang nakakaalam sa side niya. And then the accident happened, at pati si Nathan nakalimutan ang tungkol d’un.”

“Where is your twin brother?” tanong ni Bea.

“Wala na rin siya. That is, wala na akong balita sa kanya. Sabi ni Nathan, ibinilin kami ni Lhemuel sa kanya ni... ni Daddy.” Nakikiusap ang mga mata niyang tumingin dito. “Nakamatayan na ng mga taong involved ang lihim na ito kaya nagpasya kami ni Nathan na panatilihin na lang din itong sikreto. I know this might cause a rift between you and your mother in law, that’s why we don’t want her to know. At sana hindi na umabot d’un.”

Inulit niya na maging sina Zane, Liz at Rovic ay wala pang ideya tungkol sa kung sino siya sa buhay ni Nathan.

Ninang ni Bea si Doña Alicia na legal na asawa ng ama niyang si Don Wilfredo.

Ang tunay na kasintahan ni Wilfredo noon ay si Marina, ang ina nila ni Wilhelm. Pero sapilitang

ipinakasal ng mga magulang ang tatay nila kay Alicia para sa kapakanan ng negosyo ng pamilya. Ang kasal ay inilhim ni Wilfredo kay Marina at nagpatuloy ang relasyon ng dalawa.

Kalaunan ay nalaman din ni Marina ang totoo, pero huli na dahil ipinagdadalantao na nito ang kambal. Umuwi ito sa probinsya at pinakasalan ng kababatang si Leonardo Javier na siyang tumayong ama nila ni Wilhelm.

Pahapyaw ding nagkuwento si Bea tungkol sa pamilya nito at Doña Alicia. Ayon dito ay mabait naman daw ang ninang/biyenan nito.

Naniniwala naman si Mina sa bagay na iyon. Pero hindi siguro maiiwasan ang naging reaksyon nito.

Alam niyang pinalayas siya ni Doña Alicia dahil kamukha niya ang inang si Marina. Pangalan nga ng kanyang mama ang isinisigaw nito habang ipinagtatabuyan siya.

Nahihiyang humingi ng tawad si Bea at sinabing nagselos lamang ito sa closeness nila ni Nathan.

Sinabi ni Mina na patatawarin niya ito basta ipapangako nitong hinding-hindi nito iiwan si Nathan. Minsan pa niyang hiniling dito na panatilihin munang lihim ang lahat.

Nagkagulatan pa sila nang bumukas ang pinto at magkasunod na pumasok sina Zane at Nathan.

Una niyang napansin ang nag-aalalang mukha ni Zane. Hangga't maaari ay ayaw umano nitong magkaharap sila ni Bea dahil baka mag-eskandalo raw ang huli.

Agad siya nitong nilapitan. “Ano’ng nangyari, Mina?” Kunot-noo itong tumingin kay Bea. Siguro iniisip nito na sinugod siya ng babae para awayin. “Okay ka lang?”

“Oo naman. We’re just having some confidential girl talk.” Tumayo siya at tinitigan ang mukha nito. “Teka, bakit may pasa ka? Napaano ’yan?” nag-aalalang tanong niya. Wala sa loob na hinaplos niya ang sulok ng bibig nito na bahagyang pumutok. Mabawasan kaya ang kaguwapuhan nito kapag nagkapilat doon? “Halika, gamutin natin ’yan.”

Nagpasintabi si Mina sa mga bisita. Hindi na napansin ng dalaga ang makahulugang tingin ni Bea.

Matapos makuha ang first aid kit sa banyo ay hinila siya ni Zane sa kuwarto nito at sinabing doon na lamang niya ito gamutin.

Hindi na lamang siya nagkomento kahit mas gusto niya kung sa kusina na lang ito lapatan ng lunas. Baka kasi gusto nitong bigyan ng privacy ang mag-asawa sa sala kaya hindi na rin siya gaanong nag-isip nang isara nito ang pinto.

“Maupo ka dito,” tukoy niya sa bahagi ng kama na malapit sa kinatatayuan.

Lihim na napangiti si Zane nang utusan siya ni Mina na para bang isang bata siya na walong taong gulang. Sa nakalipas na mga araw na nakakasama niya ito sa iisang bubong ay nakasanayan na niya ang pagiging bossy nito kung minsan.

May mga sandali naman na submissive ito sa kanya, at para bang kasiyahan nitong paglingkuran siya kaya ayos lang sa kanya ang mga pagkakataong “inuutusan” siya nito.

Sa tantiya niya ay nasa 5’4” ang height ni Mina o baka wala pa. She had a graceful and slender figure that made her look taller than her actual height. She was unsophisticated, but poised and elegant. Medyo conservative itong manamit, pero classy. Siguro kung nabiyayaan pa ito ng konti pang tangkad, pang-national beauty pageant ang ganda nito.

It was the first thing he noticed about Mina: her

natural beauty. Bihira itong maglagay ng kolorete sa mukha. Sapat na ang ngiti at ningning sa mga mata nito para maging maganda sa paningin niya.

Noong unang beses pa lang niya itong makita ay attracted na siya sa dalaga, pero sinupil niya ang nararamdaman para rito. Alam niya kasing may relasyon ito at si Nathan. Kaya ang ginawa ni Zane, ibinaling niya sa iba ang atensyon: kay Bea.

Pero kung hindi lang siya girlfriend ni Nathan noon, niligawan ko talaga siya. Ngayong mag-asawa na sina Nathan at Bea, hindi na siguro masama kung ituloy ko ang nauna kong balak.

Nakalapit na si Mina sa kinauupuan niya at ipinaling ang baba niya. “Let me see...” The pad of her thumb gently touched the sore part of his mouth.

“Aw! Huwag mo nang galawin, lalong sumasakit,” arte ni Zane. Ang totoo ay gustung-gusto niya ang pakiramdam ng mabining haplos nito sa kanyang mukha. Hindi rin niya ikakaila sa sarili na may lihim na ligayang hatid sa kanya ang nakikitang pag-aalala at pag-aalaga nito. Para sa kanya ay nakakataba ng puso kapag pinagsisilbihan siya ni Mina.

“Keep still. Tinitingnan ko kung kailangan pang lagyan ng *Band-Aid* o lilinisin na lang ng alcohol at

Betadine.”

Heaven help me! Baka mahalikan ko ang babaeng ito kapag hindi lumayo sa akin...

Masyadong malapit ang mukha nito sa kanya at nalalanghap niya ang gamit nitong... baby cologne. Iba talaga ang dating sa kanya kapag diretsong galing kay Mina niya iyon nasasamyong kesa kapag naiwan lang iyon sa hangin tuwing dumaraan ito. May kung anong nabubuhay sa loob niya.

“Hindi naman grabe,” komento nito.

He could smell her fresh breath. Naikuyom niya ang mga palad sa pagpipigil na kabigin ang katawan nito at halikan hanggang sa kapwa mapugto ang kanilang hininga. Halos gabi-gabi ay pinapangarap niya ito dahil alam niyang sa kabila lamang ng kanyang silid ay naroon si Mina.

“Huwag mo nang gamutin, gagaling din ito.” Inalis niya ang kamay nitong nakahawak sa kanyang mukha subalit hindi iyon tuluyang binitawan.

“Para ka talagang bata! Takot ka sa alcohol?” Binawi nito ang kamay at kinuha sa kit ang lalagyan ng disinfectant.

Naiinis siya pag sinasabi nitong para siyang bata.

Ayaw niyang ganoon ang tingin sa kanya ni Mina. Gusto niyang makita siya nito bilang isang maginoo, lalaking-lalaki, higit ang katangian kay Nathan o sa kahit kanino pang lalaki.

“I’m not. Sa tingin ko lang hindi na kailangan.” Tumayo na siya para bumalik sa salas pero mabilis siyang napigilan ni Mina sa braso.

“Huwag matigas ang ulo, upo!” Ano bang mayroon sa babaeng ito at nagiging masunurin siya? “Sandali lang, wala pala dito ’yung bulak.”

“Meron diyan sa taas ng cabinet ko,” sabi niya. “Para hindi ka na lumabas.” Itinuro niya ang lalagyan at nilapitan iyon ng babae.

Pinagmasdan niya ang nakatalikod na view nito habang pilit inaabot ang container ng cotton balls. Napangiti siya nang mahirapan ito sa pag-abot dahil nasa pinakamataas na level na ng cabinet iyon nakalagay. Nalilis ang blusa nitong suot at nahantad sa kanyang paningin ang lower back nito.

Ngayon lang niya nasilayan ang maputi at makinis na bahaging iyon ng katawan ni Mina. He often wondered kung ano ang hitsura ng legs nito dahil ni minsan ay hindi pa niya nakitang mag-shorts ang babae.

“A little help, please,” baling nito sa kanya.

Nahuli pa yata siyang nakatingin sa na-expose nitong balakang. Lumapit siya rito at walang babalang binuhat ang dalaga para maabot nito ang bulak.

“Zane!” protesta nito. “Ibaba mo nga ako!”

“Eh, di ibaba.” Nakangisi siyang sumunod. It was the first time he’d held this lovely lady in his arms. Her body was soft and he liked the way she tensed when she was pressed against him.

“Ang sabi ko tulungan mo ako, hindi buhatin mo ako,” masungit na sita ni Mina.

“Kaya nga kita binuhat para tulungan kang maabot ang bulak,” depensa niya.

“Abot-kamay mo naman bakit hindi mo pa inabot?” Nagsalubong ang mga kilay nito pero naroon pa rin sa pananaway ang composure.

Gayunman, halatang medyo napipikon na ito. Lalong gumaganda sa paningin niya ang dalaga. Suddenly, he wanted to see her go wild... beneath him.

Nagiging obsessed na yata siya kay Mina.

“Ayoko. Daig mo pa ang principal kung makapag-

utos,” kunwa’y reklamo niya. Gusto niyang subukan kung gaano kahaba ang pasensya ng teacher na ito sa mga pilyong *bata*.

“Sige na nga. Zane, makikisuyo? Pakiabot ang cotton balls, please?”

“No.” May kapilyuhang pumasok sa kukote niya. He thought of flirting with her a little.

“Ugaling bata ka talaga!” yamot na humila ito ng stool at doon tumuntong. “Zane!” Impit ang tili ito nang yakapin niya ang mga hita nito para buhatin ito. “Put me down! Ano bang pumasok na kalokohan sa isip mo at napakapilyo mo ngayon?” Tunog nakukunsumi na talaga ito.

“Binibigyan lang kita ng leksiyon. From now on, ayoko nang tinatrato mo akong parang bata.” Hindi pa rin niya ito ibinababa. Tiningala niya ito habang nakatuon ang mga palad nito sa kanyang mga balikat.

Gustung-gusto niya itong posisyon nila.

“Fine, sorry. Ngayon, puwede mo na ba akong ibaba?”

“Sure, my lady.” Dahan-dahan niya itong pinadausdos pababa.

He could feel the heat of her body next to his.

When they were almost face to face, he saw confusion in her eyes. There was no fear in her expression as she met his gaze. He could feel her warm breath on his cheek and he badly wanted to kiss her.

When her feet reached the floor, he was still holding her and they were still staring into each other's eyes.

“Gamutin na natin iyan.” Kumalas si Mina mula sa pagkakahawak niya at nagpatiuna na at tumayo muli sa tabi ng kama, malapit sa puwesto niya kanina.

He resisted the urge to pull her into his arms again. Sinundan niya ito at naupo sa puwesto niya kanina. Umalingasaw ang amoy ng alcohol nang maglagay ito niyon sa bulak. Tiniis niya ang hapdi para hindi siya mapaaray.

“Saan mo ba kasi ito nakuha? Nakipag-away ka ba?” Si Mina.

“Sinuntok ako ni Nathan,” tila batang sumbong niya. “Napagbintangan niya akong inaahas ko si Bea—”

“At pinatulan mo talaga si Nathan?” putol nito.

“Hindi, dahil alam kong wala siyang alam sa mga pangyayari.” *Pero ngayon parang gusto ko siyang*

sugurin ng suntok at gantiyan, naisip niya nang makita ang pag-aalala ni Mina para sa kanyang pinsan.

“Mabuti. Alam mo namang may amnesia ’yung tao.” Tinapos na nito ang paggamot sa sugat niya.

“Do you still love him kahit may asawa na siya?” Napansin niyang natigilan si Mina sa tanong niya. “Answer me, dammit!” Nagseselos siya kay Nathan. Okay lang na napunta si Bea sa pinsan niya, pero hindi siya makapapayag na pati si Mina ay kay Nathan pa rin.

“Magkaibigan lang kami ng pinsan mo,” iwas nito sa tanong niya.

“Hindi ko tinatanong kung ano’ng relasyon ninyo. Ang gusto kong malaman, eh, kung mahal mo pa rin si Nathan.” Matagal bago nakasagot si Mina. Halatang pinag-aaralan nito ang mga salitang bibitiwan.

“Oo, pero hindi sa paraang inaakala mo, Zane.”

Damn! Bakit ba napakasuwerte ng pinsan niya pagdating sa babae? He reached out to grasp Mina’s hand. “Forget about him, Mina.”

“Hindi puwede.”

Tumayo siya at tinitigan ang magandang mukha nito. “Makakalimutan mo rin siya, trust me. Simulan

mo ngayong subukan...” Masuyo niyang iniangat ang kamay ng dalaga at hinagkan ang palad nito. She gasped but did not pull her hand away. “May iba nang nagmamay-ari sa kanya kaya pag-aralan mo na siyang kalimutan. Hindi lang siya ang nag-iisang lalaki sa mundo. I’m here for you,” halos pabulong na sabi niya. Inilapit niya ang katawan dito at inasahan niyang lalayo ito o kaya ay itutulak siya, pero hindi nito iyon ginawa. Dahil doon ay nagkalakas siya ng loob para sabihin dito ang bahagi ng kanyang nararamdaman.

“Kung bibigyan mo lang ako ng pagkakataon, gusto kong patunayan na makakaya ko ring ibigay sa iyo ang lahat ng kailangan mo kay Nathan. I want to be your lover, Mina, much more than I want to be your friend.”

Natigagal ito sa sinabi niya. “Zane, alam mo ba kung ano ang sinasabi mo? May nobyo na ako.”

Wala siyang pakialam doon. Hinawakan niya sa magkabilang braso si Mina at bahagya itong napatingala sa kanya. “Sabihin mo sa akin ang totoo. If you’re unattached at this moment, would you let me be your lover?”

“H-hindi ko alam... I can’t decide, I’m not sure,” nalilitong pahayag nito.

Napangiti siya dahil ibig sabihin lang ng sagot nito, mayroon siyang chance na magugustuhan din nito. So he would take the risk and try his luck.

“Siguro makakatulong ito para makapag-decide ka.” And his mouth descended to claim her lips. He was right all along. She tasted so sweet. He’d been suppressing his desire for her for weeks.

Nang wala siyang madamang anumang pagtutol mula kay Mina ay lumalim pa ang kanyang paghalik. Bumaha ang katuwaan sa kanyang puso nang madama ang pagtugon nito sa kanyang halik.

He could not believe that he was finally kissing the girl of his dreams, much less that she was returning it with equal passion. He enclosed her in his embrace.

He stopped kissing her, cupped her face in his hands and told her, “It’s okay if you can’t tell me yet, just show me how you feel.”

2

One year ago...

Kanina pa nag-iisip si Zane ng paraan kung paano makakatakas sa ina. Bagaman matagal na siyang nakabukod ng bahay, nire-require pa rin nito ang at least once a week appearance niya sa bahay nila. Kumpleto silang magkakapatid ngayon dahil bisita ng mama niya ang faculty and staff ng *St. Anne Montessori*, ang pre-school na pag-aari ng pamilya nila.

May ulterior motive ang ina kung bakit may salu-salo ngayon. Hindi kasi siya nito mai-set up ng date sa paborito nitong empleyada kaya nag-imbento ito ng okasyon para makatagpo niya ang pre-school teacher na inirereto nito sa kanya.

Ilang buwan mula ngayon ay magtu-twenty-nine na si Zane kaya aligaga na ang ina na hanapan ang binata ng seryosong makakarelasyon. Hindi naman ito mapili sa magiging daughter-in-law, ang tanging habol lang talaga nito ay makitang mag-settle down na ang palikerong anak.

Para kay Zane, hindi siya matatawag na happy-

go-lucky. Kahit paano ay masasabing may magandang direksyon siyang tinatahak. Sadya lang siyang free-spirited at easy-going kaya napagkakamalang ugaling-bata kung minsan. Financially independent na siya at kayang-kaya nang bumuhay ng pamilya ng negosyong pundar niya. Isa siyang distributor ng mga brand new cars at sa kasalukuyan ay dalawa na ang showroom nila. Kasosyo niya sa negosyo ang napangasawa ng kanyang Ate Farah.

May mga bisita pang nagdaratingan. Natitiyak ni Zane na mabo-bore lang siya sa company ng mga ito. Isa pa, iniwasan niyang makadaupang-palad ang inirereto ng ina. Baka kasi lalo siyang mahirapang umiwas, ayaw pa naman niyang magka-girlfriend ng teacher. Kaya kailangan na niyang makaeskapo.

Naisip niyang kuntsabahin ang pinsang si Nathan. Bossom-buddy niya ito kahit mahigit tatlong taon ang agwat ng edad nila. Mula pagkabata ay kalaro na niya ito at hanggang sa pagtanda nila ay napanatili nila ang pagkakaibigan.

Nagpadala siya dito ng text message: *Bro, save me. Tawagan mo si Mama, kunwari may lakad tayo.*

Sinagot naman kaagad ni Nathan ang mensahe niya. “Sige. May totoo tayong lalakaran. I’ll call Tita Flora right away.”

Hindi nga naglipat-minuto ay namataan niya ang ina na may kausap sa telepono. Napangiti siya dahil siguradong si Nathan iyon. Mayamaya pa ay tinawag na siya ng ina.

“Zane, tumawag si Nathan.”

Yes! May permiso na siyang umalis. “Sayang, excited pa naman akong makilala si Miss Lorinda Mababangloob,” pagsisinungaling niya.

Ang totoo ay wala siyang interes makilala ang babaeng iyon na gusto ng ina niyang maging girlfriend niya.

“Hindi bale, hijo, may ibang pagkakataon pa naman. You must go now, mukhang importante ang itinawag ng pinsan mo.”

Agad siyang humalik sa pisngi ng ina at baka magbago pa ang isip nito. Ang pakiramdam niya ay katulad sa kasiyahan ng batang pinayagang makapaglaro sa labas ng bahay sa oras ng paggawa ng homework.

Nakahinga siya nang maluwag nang makalabas ng bahay nila. Habang daan papunta kina Nathan ay palaisipan sa kanya kung saan ang lakad nilang magpinsan.

Sa pagtataka niya ay sa bus terminal sa Cubao sila napadpad at hindi ito nagdala ng sariling sasakyan.

“Ano’ng gagawin natin dito?”

“May susunduin ako. Nagpasama ako dahil marami tayong bubuhatin.”

“Bakit hindi natin isinama si Mang Pilo?” Driver nina Nathan ang tinutukoy niya. “Isinama mo ako para gawing kargador at driver? Ginawa mo pang taxi itong kotse ko?”

“Nagrereklamo ka matapos kitang *tulungan*? Sige, tatawagan ko si Tita Flora para pabalikin ka sa inyo at nang magkatagpo na kayo ng destiny mo na si Miss Mababangloob,” birong banta nito.

“Tuso ka talaga, Nathan. Kaya ka yumayaman nang husto, eh. Bina-blackmail mo siguro ang mga ka-business deal mo kaya napipilitang pumayag sa gusto mo,” ganti niya. “O, asan na ang bubuhatin ko?”

Through thick and thin ay magkasangga silang magpinsan. Mentor niya ito sa maraming mga bagay... lalo na sa babae. May mga pagkakataon na parehong babae ang gusto nilang ligawan, pero palagi itong nagpaparaya. Hindi naman nagtatagal ay nawawala rin ang interes niya sa babaeng ipinaraya nito.

“Sandali lang, hindi pa dumarating ’yung bus na sinakyan niya.”

“Niya?”

“Pinsan kong galing sa probinsya. Huwag kang masyadong mapagduda sa kapwa.”

“Pinsan. Okay.” Binuksan niya ang bintana ng kotse para bumili ng maiinom sa dumaang vendor. “Pinsan mo pero hindi puwedeng malaman sa inyo na susunduin mo siya. A male or female *cousin*?”

“Female.” Ngumiti ito nang makahulugan. Kapag ganoon ay nagkakaintindihan na sila. “Sa iyo, pinsan ang pakilala ko. Pero sa iba, kaibigan.” Parang inamin na rin ni Nathan na nagsisinungaling ito. Siguradong isa sa mga nobya nito ang babaeng susunduin nila.

“Bakit maraming dalang bagahe? Magli-live in na kayo?”

“Loko.” Pabiro siya nitong binatang. “Magkaibigan lang talaga kami ni Mina. Wala kasing maghahatid sa kanya sa titirhan niya dito sa Manila kaya nag-volunteer na ako. Sabi ko susunduin ko na siya dito sa terminal.” Tinanaw nito ang paparating na bus.

Crowded masyado ang bus terminal. Mabuti na

lang at kahit paano ay may nahanap silang maliit na espasyo para pagparadahan ng sasakyan.

“Pansamantala siyang maninirahan dito sa Manila dahil mag-aaral siya sa *UP* for her master’s degree.”

“Impressive. Mukhang matalino ang *kaibigan* mo, Nathan.”

“She’s an educator. Isa siyang public school teacher.”

“Wow. What a coincidence,” matabang niyang sabi. Iniwang niya ang mga teachers sa bahay at teacher din ang iniwasan niyang ma-meet. Pagkatapos ay teacher din pala ang sasalubungin nila. “So how does *Miss Minchin* look?”

“Her name is Mina, Mina Javier. Maganda, mabait, kagalang-galang,” sagot ng pinsan niya at pagkatapos ay mataman siyang tinitigan. “I’m warning you, Zane. Huwag mong ibibilang si Mina sa mga babae mo. May boyfriend na siya.”

Natawa siya sa reaksyon nito. Nahalata niya ang pagiging protective ni Nathan kay Mina o siguro mas tamang sabihing possessiveness. Kahit ayaw nitong umamin sa kanya ay halatang higit pa sa *pagkakaibigan* ang relasyon nito sa babae. Hindi ang

tipo ni Nathan ang mag-aabala sa pagsundo nang walang mapapalang kapalit.

“You have nothing to worry about. Hindi ko pinangarap magka-girlfriend ng teacher. Masyado silang bossy at perfectionist. Iyong-iyong si Miss Mina.”

“Nariyan na ’yung bus. I’ll go and fetch her.” Nagmamadali na itong bumaba sa kotse.

Habang hinihintay ang pagbabalik nito ay sinusubukan niyang i-imagine kung ano ang hitsura ng bagong girlfriend ni Nathan.

Iyong tipo ko rin kaya? Probinsyana, teacher, magma-master’s sa UP. Malabong type kita, Miss Minchin.

Naiisip niya ang isang batang Miss Tapia, kasama ang pamosong salamin sa mata.

Sa pagkaalam niya, modern at liberated ang tipo ng pinsan sa mga babae. Bakit bigla yatang nagbago ang preference nito?

Good luck, Nathan. Hindi ka kaya biglang pangaralan niyan o hampasin ng stick kapag sinubukan mong lambingin?

Nahagip ng tingin niya ang isang babaeng palapit sa kotse niya. Tantiya niya ay nasa mid-twenties na

ang edad nito. Kahit naka-sunglasses, pupusta siyang maganda ito.

Nagsuot din siya ng shades bago binuksan ang bintana ng sasakyan para hindi halatang pinagmamasdan niya ito. Kung nandito lang si Nathan, tiyak na pagpipiyestahan ng mga mata nila ang nasabing babae.

Simple lang ang pananamit nito, pero may sense of style. Sleeveless blouse, tight fitting black jeans and peep-toes. Sa kanang braso ay nakasabit ang off-white city bag.

May aura itong taglay na hindi niya magawang balewalain. Mula sa mukha ay bumaba ang tingin niya sa kabuuan ng katawan nito.

Hindi payat, hindi rin mataba. Sakto lang.

And then his eyes lingered on her legs and he liked how her jeans hugged her shapely thighs.

Nag-angat siyang muli ng tingin, at napansin ang sexy nitong mga balikat at collarbone na medyo na-expose sa tabas ng blouse. At dahil maputi at makinis ang mga iyon, kahit sino ay lilikot ang imahinasyon at mapapaisip.

If those are exciting enough, what more if she'll

expose more of her... ahm, assets?

Napansin niyang mas papalapit ang babae sa dako niya. Impossible namang nahipnotismo niya ito, hindi naman niya tinitigan sa mga mata.

“Hi.” Nag-alis ito ng sunglasses at ngumiti sa kanya. A cordial smile, not a flirty one.

“Yes?” aniya na kunwari ay hindi napansin ang paglapit nito. “How can I help you?” He gave her his best smile na bibihira niyang gamitin sa isang babae unless interesado siya.

“Itatanong ko lang sana kung ikaw ’yung kasama ni Nathan? Nathan del Rio.” Kinuha nito ang cellphone at may binasa doon. “Sabi niya nasa tapat ng 7-11 ang white *Innova* na sinakyan niya. Hindi ko kasi siya nakita sa gawi ng unloading area.”

Oh man, huwag mong sabihing ikaw si Mina?

Mukhang malaki ang pagkakamali ng kanyang malikot na imahinasyon.

“Oo, magkasama kami. By the way, I’m Zane. Pinsan ko si Nathan.” Mabilis siyang bumaba at inilahad ang kanang palad.

Nag-aalangan nitong tinanggap ang kamay niya. “Mina here. Wilhelmina Javier. Nathan is my... my...”

“Friend,” he supplied. Kanina pa hindi mapuknat ang pagkakatingin niya sa dalaga.

“Tama. Magkaibigan nga kami.” Parang nakahinga ito nang maluwag.

Nagtataka siya kung bakit ayaw umamin ng dalawa sa relasyon gayong halata namang hindi lang pagkakaibigan ang namamagitan sa mga ito. Saludo na talaga siya sa galing ni Nathan sa pagpili ng girlfriend.

Hindi na rin ako nagtataka kung bakit attracted din ako sa love interest niya.

“Mina!” Boses iyon ni Nathan na papalapit na sa kanila. “Hindi kita nakilala kaya siguro nakalampas ka nang hindi ko napapansin.”

“Nathan!” Sabik na yumakap si Mina. Kinintalan naman ito ni Nathan ng isang halik sa noo.

Sa unang pagkakataon, nakaramdam si Zane ng inggit sa pinsan. Sa unang pagkakataon din ay lihim niyang pinangarap na mapasakanya ang babaeng pag-aari na nito. Pinilit niyang ignorahin ang nararamdamang attraction sa dalaga. Kailangan.

Mamaya lang nang kaunti ay malilimutan na rin niya ito kapag nakakita siya ng mas magandang

babae, iyong sexy at provocative manamit. Iyong tipo ng babaeng hindi madamot magpakita ng *asset*.

Inisip din niyang baka dahil teacher ito kaya conservative manamit si Mina.

“Ang laki ng ipinagbago mo mula nang huli tayong magkita, Teacher Mina. Lalo kang gumanda.” Nakayakap pa rin si Nathan sa dalaga. “May isang taon na ba mula noon?”

Long distance affair? Nakaya ni Nathan? Hindi sa sinisiraan niya ang pinsan, pero mas matinik pa ito sa babae kumpara sa kanya, masyado lang discreet dumiskarte kaya hindi halata.

“One year and two months.” Malambing na ikinawit ng dalaga ang isang braso sa baywang ni Nathan. “Ikaw rin, mukhang hiyang sa iyo ang maging sobrang busy. You’re more good-looking than the last time I saw you.”

Masayang tumawa si Nathan. “Nagkakabolahan na tayo.” Bumaling ito sa kanya pagkatapos ngitian ang kayakap. “Mina, pinsan ko nga pala, si Zane,” pakilala nito.

“Nagkakilala na kami,” aniya. “Nasaan pala ang mga bagaheng kailangang buhatin?” Bigla siyang sinipag.

Iginiya sila ni Mina patungo sa sinakyang bus. Isang malaking kahon at tatlong maleta ang pinagtulungan nila ni Nathan na ikarga sa kotse.

Siguro magsasama na ang dalawang ito kaya ganito karami ang balutan, naisip ni Zane.

Nagatungan ang hinala niya nang sa townhouse na pag-aari ng mga del Rio nila inihatid ang teacher. Kaya siguro hindi si Mang Pilo ang isinama ng pinsan ay para mailingid sa mga magulang nito ang gagawing kalokohan.

Magandang strategy.

Bagong-linis ang unit kahit halatang matagal nang walang naninirahan doon. Siguro ay ipinahanda na iyon ni Nathan bago pa man dumating si Mina. Marami pang kulang na gamit at appliances pero narinig niyang nagbilin ang pinsan sa dalaga na ilista kung anu-ano ang mga kakailanganin pa upang mabili nito sa lalong madaling panahon.

Doon na rin sila kumain sa townhouse. Nagpa-deliver na lang sila ng pananghalian. Napansin niyang medyo kulang sa lambingan ang dalawa. Pero baka naiilang lang ang mga ito dahil naroon siya. Kaya naman nagkusa na siyang magpaalam.

“Mauuna na akong umalis sa iyo, bro,” aniya

sa pinsan at pagkatapos ay nagbiro. “Hinihintay na ako ni Miss Mababangloob.” Nagpaalam rin siya sa magandang guro.

Sana pag-alis niya ay agad na itong mawala sa kukote niya. Ayaw niyang magkasala kay Nathan dahil sa attracted siya sa nobya nito.

“Goodbye, Mina,” *Goodbye and get out of my mind, please.*

“Thanks for your help, Zane, and nice meeting you.”

“The pleasure was mine, Mina.”

3

Habang inaayos ni Mina sa closet ang mga damit niya ay tumawag ang kanyang Lola Herming mula sa probinsya. Retired *DepEd* employee ito, dating District Superintendent sa bayan ng Maria Aurora. Dahil sa rekomendasyon nito kung kaya naaprubahan ang one-year study leave niya. Enrolled na siya sa *University of the Philippines* para sa master's degree ng kanyang kurso.

“Kumusta diyan sa dormitoryo? Hindi ba naman masyadong masikip?”

“Medyo crowded nga po, Lola,” pagsisinungaling niya. Lingid sa kaalaman ng matanda ang pagtuloy niya sa townhouse ng pamilya ni Nathan. Baka kasi magwala ito sa galit kapag nalamang nakikipag-ugnayan pa rin siya sa mga del Rio.

Hindi niya biological grandmother ang matanda. Ina ito ng mabait niyang stepfather na si Tatay Leo. Hanggang ngayon indecisive pa rin siya kung mabait o hindi ang kinalakhang abuela. Sa totoo lang ay may kasungitan ito at sobrang istrikta, iyon yatang tipikal na description sa ugali ng school principal.

“Hindi bale, pagtiyagaan mo na muna iyan hangga’t di ka pa nakakakita ng medyo murang mauupahan,” sabi nito.

“Ganoon na nga lang po gagawin ko, Lola Herming.” Nakokonsyensya siya kapag naiisip na pinagsisinungalingan niya ito. Hindi kasi niya mapahindian ang alok ni Nathan na dumito na lang muna siya pansamantala sa townhouse.

Sinabi ni Nathan ang balak na ipangalan sa kanya ang bahay na ito pero tumanggi siya dahil nakakahiya at saka wala rin namang titira rito kung sakali. Ang bayan ng Maria Aurora sa lalawigan ng Aurora ang kanyang natural habitat. Sa tingin ni Mina, kung lilipat siya ng residence ay para siyang isdang inilipat sa aquarium—magiging artificial ang lahat.

Bibihirang pagkakataon lang na makarating siya ng Manila. Nasa probinsya ang trabaho niya sampu ng mga kaibigan at ang mga kamag-anak ng kanyang Tatay Leo.

Sabay namatay ang mga magulang nang matabunan ng landslide ang *Villa Quezon Elementary School* kung saan nagtuturo ang dalawa. Graduating pa lang sila ni Wilhelm noon sa high school at mula noon ay napunta na sila sa pangangalaga ni Lola Herming.

“Pag-igihin mo ang pag-aaral, Mina. Samantalahin mong buhay pa ako para ma-back-up-an kita sa Division Office. Ilang units lang at puwede ka nang ma-qualify sa mas mataas na posisyon,” saad ng matanda.

Twenty-eight na si Mina. Mula pagka-graduate sa kolehiyo ay hindi na niya naranasang magbakasyon. Bawat summer vacation pagkatapos ng school year ay nag-aaral siya. She did it on purpose, hindi para ma-promote kaagad kundi para kahit paano ay malimutan ang natatago niyang kalungkutan at para mapagtakpan na rin ang mga kakulangan sa buhay niya.

“Hindi kaya masyado akong nag-aapurang maging principal, Lola Herming?” Ngumiti siya kahit hindi siya nito nakikita. Ang matanda ang may panukala na dapat siyang maging school principal, the sooner the better. Gusto nitong sumunod siya sa yapak nito para maging District Superintendent sa kanilang bayan. “Nalulula ako sa mga goals ko, Lola.”

“Ano’ng nakakalula sa pagiging punong-guro ng paaralan? Taasan mo pa ang pangarap, Mina. Huwag kang tumulad kina Leonardo at Marina na nakuntento na lang sa pagiging simpleng guro sa isang bulubunduking barangay. Hindi ko maiwasang

itanong sa sarili ko, sa paanong paraan nila hinihikayat ang mga estudyante na mangarap gayong sila itong tila walang kaambi-ambisyong umasenso.”

Hayun na, pumilantik na naman ang dila ni Lola Herming. Sa mga tunay na apo nito ay dalawa lang ang naging teacher, pareho pang nag-asawa nang maaga. Siya tuloy ang napi-pressure para tuparin ang kung anumang pangarap nito para sa mga apo.

“La, kahit naman po liblib na lugar ang pinagturuan nina Tatay at Nanay, naging maligaya sila doon. Minahal sila ng mga tao,” katwiran niya.

“Napakain at nailigtas ba sila ng pagmamahal na iyon?”

“Hindi po.” *But my point is naging maligaya sila,* gusto niyang igiit sa matanda.

“Ang sabi ko kasi magpalipat na sila ng destino dito sa bayan. Pero napakatigas ng ulo ng dalawang iyon. Kaya hayun...” Hindi na nito maituloy ang sinasabi. Hanggang ngayon, hindi pa rin lubos na matanggap ng matanda ang kamatayan ng bunsong anak.

Tinangka niyang baguhin ang usapan dahil pati siya ay nagiging malungkot ang mood. “Nga po pala, baka gusto ninyong magpahatid dito kay Tiyo Rolly,

maipasyal ko man lang kayo bago mag-umpisa ang klase.” Pabalat-bunga lang ang alok niyang iyon. Alam niyang walang interes sa siyudad ang matanda. Katulad niya ay lumuluwas lang ito kapag may importanteng sadya o lalakaran.

“Naku, naku, saka na siguro. Hindi ko matagalan ang init at gitgitan diyan sa Maynila.”

Sabi ko nga po... Saka baka mabisto ninyo akong hindi sa dorm nakatira.

“Mina, mag-iingat ka diyan sa Maynila,” patuloy ng abuela. “Hindi ako magsasawang ulit-ulitin na pangaralan ka dahil para rin sa kabutihan mo ang mga sinasabi ko.”

Umikot ang mga mata niya sa narinig. Alam na niya kung ano ang ipapangaral nito dahil saulado na niya ang lahat ng doktrina nitong ipinapatupad na sa kasamaang-palad ay napipilitan siyang sundin dahil sa utang na loob. Siya lang naman ang nakakapagtiyagang makasama ito. Ang mga tunay na apo nito ay masuwerte nang makatagal nang isang buwan sa bahay.

Ini-loud speaker niya ang cellphone, at itinuloy ang pag-aayos sa closet habang nakikinig sa alam niyang mahabang lektura nito.

“Hindi naman lingid sa iyo ang sinapit noon ni Marina habang nag-aaral diyan sa Maynila.” Naku naman, kailangan pa talagang ulit-ulitin, patay na nga ang nanay niya. “Maging matalino ka sana sa pakikitungo sa mga lalaki. Baka matulad ka sa nanay mo na nakuha sa matatamis na salita at pangako. Hayun, nabuntis ng lalaking may pananagutan na. Ayaw kong maulit sa iyo ang nakaraan niya, Mina...”

Sa isip, nire-replay ni Mina ang mga nakaraang pangaral ni Lola Herming. “*Mabuti na lang head over heels in love sa kanya ang anak kong si Leonardo kaya pinakasalan pa rin siya...*”

Noong una-una, ang tingin ng abuela at ng ilang kamag-anak nito sa nanay niya ay sugo ng kasamaan. (Hindi niya rin alam kung tuluyang nagbago ang opinyong iyon.) Paano ay lumabas sa seminaryo ang Tatay Leo niya nang malamang nabuntis ang dating kaklase at hindi ito maaaring pakasalan ng nobyo.

“*Kawawa naman ang anak ko, nasumpa tuloy,*” ang linya ni Lola Herming kahit matagal nang panahon ang nakalipas.

Pagkapanganak sa kanila ni Wilhelm ay hindi na nagbuntis ang nanay niya kaya hindi na nagkaanak sa kanyang Tatay Leo.

Ang sabi ng mga *manang* na kamag-anak nito ay sumpa umano iyon ng kung sinong santo kay Leo dahil bata pa lang ay inialay na ito para maging pari subalit hindi nito tinupad ang panata ng mga magulang.

Ang siste, ang kakambal niyang si Wilhelm ang napagbalingan ng frustration ni Lola Herming. Pinilit nitong papasukin sa seminaryo ang kawawa niyang kapatid. Dahil alam niyang hindi iyon ang pangarap ng kakambal, nag-volunteer siyang siya na lang ang magma-madre para sa ikasisiya ng mga relihiyosong kamag-anak ng matanda. Hindi naman ito sinang-ayunan ng matanda dahil hindi raw iyon ang kapalaran niya.

Mula nang maulila silang magkapatid, si Lola Herming na ang nagpapasya para sa kanila. Ang batas nito, *‘You live under my roof, you live under my rule.’*

Kailangan nilang tumanaw ng utang na loob sa pagkupkop nito sa kanila. Malaya naman daw silang makakaalis kung ayaw nilang sumunod sa mga patakaran nito.

“Nakikinig ka ba sa akin, Mina?” untag ng matanda. “Masyado kang tahimik.”

“Nakikinig po. Meron po kasi akong ngingunguya

kaya hindi ako makapagsalita,” sabi niya.

“O siya, hindi ko na gagambalain ang pagkain mo. Ang masasabi ko na lang, just remember your mother’s story and please, do not attempt to repeat it. Hindi kasing-bait ni Leo ang nobyo mong si Adriel. Sige na, magandang gabi sa iyo.”

“Good night din, Lola. Bye-bye po...” Fifty-three minutes ang nakita niyang itinagal ng kanilang pag-uusap.

Nobyo niya ang kababatang si Adriel. Malayong kamag-anak ng mga Javier ang binata kaya hindi nila kaapelyido. Ito ang pinili ni Lola Herming para maging nobyo ni Mina. Teacher din ito, pero sa ibang bansa nagtuturo.

Pabor na pabor sa kanya ang long distance relationship dahil hindi siya napi-pressure na pakisamahan ang nobyo. Mabait naman ito at guwapo pero hindi sapat ang mga katangian nito para maging maligaya siya o kahit kiligin man lang kapag kasama ito. Masyado kasi itong seryoso sa buhay. Bibihira niya itong marinig na tumawa o magbiro.

Kapag magkasama sila ni Adriel, madalas nitong bukambibig ang mga pangarap sa buhay. Pangarap *nito*, hindi *nila*. Mapapasama lang siya sa scenario

kapag nabanggit na ang ‘anak.’ Siya daw ang pangarap ng nobyo na maging ina ng magiging mga anak *nito*.

How sweet, sarkastiko niyang sabi sa isip. Hindi niya alam kung bakit hindi siya natutuwa.

Sa halos tatlong taon nilang relasyon ay natutunan na rin niya itong mahal. Tinanggap niya ang pag-ibig nito sa udyok lang ng abuela at napatunayan niyang may punto ang nanay niya nang sabihin nito noon na, “*Minsan, napag-aaralan din ang pagmamahal, anak. Lalo na kung mabait naman at karapat-dapat ang taong mamahalin mo.*” Alam niyang base sa personal experience kaya nito nasabi iyon.

“*Maniwala ka sa amin ng Tatay Leo mo, kahit paano mahal rin kayo ni Lhem ng Lola Herming ninyo. Sadyang ganoon lang ang ugali niya. Give her a chance, anak, and try to love her. Alang-alang na lang sa Tatay mo. Puwede ba iyon?*” pangaral nito sa kanya matapos siyang makurot at masermunan ng konserbatibong matanda dahil sa panggagaya niya kay Victoria Adams ng *Spice Girls*.

“Kailangan ng *CB Corporation* ng tatlong shuttle van, Zane.” Kabubukas pa lang ng opisina ay naroon

na kaagad si Nathan.

“Premier Cars is always happy to serve you,” ani Zane. *Premier Cars* ang pangalan ng car distribution business nila ng bayaw. “Since walk-in client ka at pinsan pa kita, bibigyan kita ng choice. Mamili ka, babawasan ko ng twenty percent ang original amount o babayaran ng kompanya nang buo pero iyo ang commission?”

“Nice offer, pero kahit huwag na.” Nagpalakad-lakad ito sa loob ng opisina. Natitiyak ni Zane na may kailangan sa kanya ang magaling na lalaki. Nakahanda naman siyang tulungan ito basta kaya niya. Gasino na lang ba ang maliliit na pabor na hinihingi nito gayong bahagi ng puhunan niya ay paluwal nito nang walang tubo? “Ang totoo, Zane, next month ay bibili din ang kumpanya ng limang SUV para sa raffle promo.”

Napangiti siya. “Huwag mo na akong patakamin, Nathan. Kabisado na kita. Deal na kaagad.” Walong sasakyan ang maibebenta niya nang hindi niya kailangang magbigay ng komisyon. “Ano, may bago na naman tayong susunduing *pinsan* o *kaibigan* sa Cubao? Kahit sa pier pa tayo manundo, walang problema, as long as kasing-ganda ni Mina.” *Oops*, slip of the tongue. Ipinagkanulo niya ang sarili sa

tunay na impresyon niya sa nobya ng pinsan.

Mabuti na lang at hindi nagalit si Nathan.
“Sigurado kang deal?”

“Oo sabi,” paniniguro niya. “Maupo ka nga at pag-usapan natin iyan. Nahihilo ako sa kalalakad mo.”

“Actually, it’s about Mina...” Nilalaro ni Nathan sa mga daliri ang ballpen na nahagip sa ibabaw ng mesa. “Malaki ang problema ko and I hope you can help me.”

“How? May LQ kayo at gusto mong pagpaliwanagan ko siya?”

“I told you, magkaibigan lang kami.” Mukha ngang malaki ang problema nito. Huminga ito nang malalim bago nagpatuloy. “Na-admit na naman sa ospital si Daddy, kagabi lang. Ang payo ng doctor ay magpahinga muna siya. Because of that, hindi niya maaasikaso ang mga gampanin niya sa Davao.”

“Huwag mong sabihing inaatasan mo akong i-represent si Tito Wilfredo sa *CBC Davao*?”

“Puro ka talaga kalokohan,” natatawang sabi ni Nathan. “Kailangan kong mag-stay sa Davao nang ilang araw o baka abutin ng isang linggo. Problem is,

nakapangako ako kay Mina na sasamahan ko siyang mamili. Hindi niya kasi kabisado ang pasikut-sikot dito sa Manila. Not to mention kailangan niya ng tagabuhay sa mga mapapamilya niya. Are you sure deal ka pa rin?”

He would be more than happy to assist her. Hindi siya nagpahalatang excited sa gagawing pagsama sa magandang dalaga.

“I’ll think about it,” biro niya.

“Siya, pag-iisipan ko rin muna kung sa *Premier* ko kukunin ang limang SUV,” ganti ni Nathan.

“Actually, may schedule pala akong mamili rin this week. Hindi na siguro masama kung isasabay ko si Mina.” Tumawa silang pareho.

“So it’s a deal then,” masayang sabi ni Nathan.

Ang totoo, kahit walang pabor na kapalit, payag pa rin si Zane na samahan ang magandang teacher sa anumang lakad nito.

“Nice doing business with you, as always,” sabi niya.

“Iyan ang gusto ko sa iyo, madali kang kausap.” They shook hands to seal their agreement. “May isa pa. Limang sasakyan din ang kailangan ng kompanya

para sa mga bagong company exec—”

“Pero may kapalit din? Sige, magsabi ka lang.”

“Isasama ko si Mina sa pagdalaw sa ospital, pero kailangan kasama ka.”

Napapaisip na si Zane, pero hindi siya nagkomento. Pinilit din niyang maging blangko ang expression ng mukha habang nagpapaliwanag si Nathan. Mukhang tungkol kay Mina ang lahat ng pabor na kailangan nito.

“Baka kasi biglang dumating si Mommy at ’yung dalawa kong kapatid habang naroon pa si Mina. Alam mo na...”

At sakaling bigla silang dumating, sasabihin kong girlfriend ko si Mina? “Okay, deal again,” walang pag-aatubling sagot niya.

“Thanks, Zane. I owe you.” Umaliwalas na ang mukha nito na waring nabunutan ng tinik sa dibdib. “Huwag kang mag-alala, tutuparin ko na ang matagal kong pangako sa iyo. May event sa *CBC* next week at siguradong nandoon si Bea.”

Matagal na niyang hinihiling sa pinsan na gawan nito ng paraan kung paano niya makaka-date si Beatriz Fernandez. Personal silang magkakilala ng

dalaga pero hindi niya mapormahan. Hindi siya tinutulungan ni Nathan noon dahil iniisip nitong hindi niya seseryosohin si Bea.

Siyempre, seryoso siyang ligawan si Bea. Sana ay madali niya itong mapasagot katulad ng mga nauna na niyang nobya. Pero mukhang dadaan siya sa butas ng karayom pagdating sa nasabing babae.

Di bale na. Mas okay na si Bea kaysa maitali siya ng ina kay Miss Lorinda Mababangloob.

“Iyan na nga ba ang sinasabi ko, eh,” untag ni Nathan sa pananahimik niya. “Kaya ayokong ilakad ka kay Bea, baka pagkagalitan pa natin pag niloko mo siya. Ano, sasama ka pa sa party next week o may bago ka nang prospect?”

Both. “Sasama,” derechong sagot niya.

“Binabalaan kita, Zane. Kahit magpinsan tayo kapag sinaktan mo si Bea, ako mismo ang bubugbog sa iyo. Tandaan mo iyan.”

Tinawanan lang niya ang kaseryosohan ng banta nito. “Ang sama talaga ng pagkakilala mo sa akin. Magpinsan tayo, Nathan. May pagkakapareho ang dugong nananalaytay sa ugat natin.”

“*Basta!* Kung balak mo lang isama sa collection

Persistent Heart - Alexie Aragon

ng mga babaeng naikama mo si Bea, huwag mo nang ituloy ang binabalak mo,” mahina pero madiin nitong saad.

Kung hindi lang alam ni Zane na may Mina na itong si Nathan, iisipin niyang mas malaki pa ang pagkakagusto at interes nito kay Bea kumpara sa kanya.